# JESUS > Mas Mabuting mga Bagay

WEEK 6

## WARM-UP

- Ikwento ang isa sa mga pinakamahalaga mong gamit. Ano ang dahilan bakit espesyal ito?
- Ano ang isang bagay na inaabangan mo sa mga darating na linggo? Paano nakakaapekto sa mga ginagawa mo ngayon ang pananabik mo para dito?
- Balikan ang isang pagkakataon na nawalan ka ng gana o lakas para gawin ang isang bagay. Paano bumalik ang sigla mo na gawin ulit ito?

## WORD

*Mga minamahal, kahit na ganito ang sinasabi namin, nakakatiyak kaming nasa mabuti kayong kalagayan tungkol sa kaligtasan ninyo.* **HEBREO 6:9**

(Basahin din ang **HEBREO 6:10–20.**)

Dahil tinanggap na natin si Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas, wala na ang dati nating buhay at dumating na ang mga bagong bagay. Kasama sa mga bagong bagay na ito ang pangako ng Diyos na pagkakaroon ng mabuting kalagayan—*kalagayan tungkol sa kaligtasan.* Ang mga ito ay bahagi ng pamana na ipinangako ng Diyos sa Kanyang mga anak. Ang Diyos ay tapat at mapagkakatiwalaan at ito ay bahagi ng Kanyang likas na katangian na hindi nagbabago. Kapag nangako ang Diyos, makakasiguro tayo na ito'y Kanyang tutuparin. Dahil tiyak ang mas mabubuting bagay para sa atin kay Cristo, paano tayo tutugon?

## APPLICATION

- Ano sa palagay mo ang ipinapagawa sa 'yo ng Diyos? Paano mo ito tutugunan at buong puso Siyang paglilingkuran dahil sa mas mabubuting bagay na ipinangako Niya?
- Magbanggit ng tatlong tao sa buhay mo na naging huwaran ng pananampalataya kay Cristo at kasama mong maglakbay sa buhay. Paano mo sila tutularan sa kanilang pananampalataya habang sila'y sumusunod sa Diyos?
- Sino ang maaari mong hikayatin sa pag-asang mayroon tayo dahil kay Jesus at sa mga mabubuting bagay na mula sa Diyos? Paano magiging patotoo ang buhay mo bilang isang taong matatag ang pag-asa kay Cristo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil kay Jesus, tayo ay naligtas at naging bahagi ng ipinangako Niyang mas mabubuting bagay. Ipanalangin na palagi kang magalak sa kaligtasang ito at mamuhay sa pananampalataya araw-araw.
- Ipanalangin ang ating komunidad ng iglesya, na sama-sama tayong maglakbay sa paraang karapat-dapat sa ipinapagawa ng Diyos sa ating buhay habang inuudyok natin ang isa't isa na magmahalan at gumawa ng mabuti (Efeso 4:1; Hebreo 10:24–25).
- Hilingin sa Diyos ang lakas ng loob na buong puso Siyang paglingkuran, magpatuloy sa pananampalataya, at mahigpit na kumapit sa pag-asa sa gitna ng mundong puno ng pagkawasak. Ipanalangin din na habang naglilingkod tayo sa Kanya, magkaroon ang iba ng pagkakataong makilala rin Siya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Bruce Chua, Romeo Mercado, Ruth Gloria, Chrysse Pili, Janine Pineda, Mona Pondales, Ian Susi, Jasmine Villegas, Kriscel Wee

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

1 **Makakapagpatuloy tayo sa matapat na paninilbihan sa Diyos.**

*[10]Makatarungan ang Dios, at hindi niya magagawang kalimutan ang inyong mabubuting gawa at ang pagmamahal na ipinakita ninyo sa kanya at patuloy na ipinapakita sa pamamagitan ng pagtulong sa mga kapwa pinabanal ng Dios. [11]Nais naming patuloy na maging masigasig ang bawat isa sa inyo sa pag-asa n'yo sa Dios hanggang sa wakas . . .* **HEBREO 6:10–11**

Dahil sa mas mabubuting bagay na mayroon tayo kay Cristo, hinihikayat tayong patuloy at buong pusong isagawa ang gawain na ipinagkatiwala Niya sa atin—na maging asin at ilaw, magmahal sa kapwa, at ipakilala si Jesus sa kanila. Ibig sabihin nito ay magpatuloy tayo kahit may kabiguan, sumulong kahit may humahadlang, at manatiling matatag sa gitna ng mga pagsubok. Makakasiguro tayo na hindi masasayang ang anumang paglilingkod natin sa Panginoon. Hindi tayo naglilingkod para sa isang bagay na walang kasiguraduhan o mula sa pagdududa. Sa halip, may matibay tayong katiyakan na kasama ng lahat ng mabubuting bagay na inihanda ng Diyos para sa atin, gagantimpalaan Niya ang tapat nating paglilingkod sa pagbabalik ni Jesus. Magkwento tungkol sa panahong nakatulong sa 'yo ang katotohanang ito upang paglingkuran ang Diyos kung saan ka Niya tinawag.

2 **Maaari nating tularan ang mga taong nagmana ng mga pangako ng Diyos.**

*Huwag kayong maging tamad, sa halip, tularan n'yo ang mga tao na tumatanggap ng mga ipinangako ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya nila at pagtitiis.* **HEBREO 6:12**

Ang pangakong mas mabubuting bagay ay hindi nangangahulugan na wala na ang mga pagsubok at tukso. Hindi tayo pinangakuan ng isang buhay na walang problema. Maaaring akalain natin na dahil sa mga mas mabubuting bagay kay Cristo, wala na tayong kailangang gawin o pag-ingatan. Pero *hindi dapat tayo maging tamad* o kampante pagdating sa ating pananampalataya. Hinimok tayo ng talatang ito na tumingin at tularan ang mga taong namuhay nang may *pananampalataya at pagtitiis*. Siguro'y alam ng sumulat na susubukin ang ating pasensiya at paninindigan ng mga problema sa buhay habang hinihintay natin ang katuparan ng mga pangako ng Diyos. Sino-sino ang mga taong naging halimbawa sa 'yo ng pananampalataya at pagtitiyaga kay Cristo? Paano ka nila natulungan na isabuhay ang kalooban ng Diyos?

3 **Mapanghahawakan natin ang siguradong pag-asa.**

*At ang dalawang bagay na ito—ang pangako niya at panunumpa—ay hindi mababago, dahil hindi magagawang magsinungaling ng Dios. Kaya tayong mga nagpakalinga sa kanya ay may matibay na pag-asang pinanghahawakan na gagawin niya ang ipinangako niya sa atin.* **HEBREO 6:18**

Dahil sa pangako ng Diyos na mas mabubuting bagay at sa Kanyang katangian na hindi nagbabago, maaari tayong maging panatag habang kumakapit ng mahigpit sa pag-asa natin sa Kanya. Sa Diyos, makakaasa tayo na darating ang panahon na magiging mas mabuti ang lahat. Bilang mga Kristiyano, ang pag-asa natin ay na kay Jesus. Kaya't kapag hinihikayat tayong kumapit sa pag-asang nasa harapan natin, ibig sabihin nito ay panghawakan natin ang pangako ng buhay na walang hanggan na mayroon tayo dahil kay Jesus at sa Kanyang ginawa sa krus. Ano ang sinasabi ng Roma 8:28 tungkol sa mga umiibig sa Diyos at tinawag ayon sa Kanyang layunin? Paano ito makakatulong upang mapalakas at mapatibay ang loob natin sa araw na ito?